REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG BAYAN

## KAPASIYAHAN BILANG 95-227

KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG KARAPATAN ANG PUNONGLUNGSOD NG MUNTINLUPA NA MAKAPAGHARAP NG SULAT-HANGARIN AT HILINGIN KAY PANGULONG FIDEL V. RAMOS NA MAANGKIN NA NG PAMAHALAANG LUNGSOD ANG ISANG LAGAY NA LUPA AT SA ANUMANG SANGAY NG PAMAHALAAN (LOT 382) SA LUNGSOD NA ITO NA PAG-AARI NG PAMAHALAANG NASYONAL AT HUMIRANG AT MAKIPAGKASUNDO SA ISANG KUMPANYANG MAPAGPAUNLAD SA PAMAMAGITAN NG PAGBILI DITO NA MAMAMAHALA SA PAGPAPATUPAD AT PAGTATAGUYOD NG PALATUNTUNANG "SOCIALIZED HOUSING PROJECT" NG PAMAHALAAN SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA.

*************************************************************

Ipinanukala ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Panglungsod

*************************************************************

SAPAGKAT, hindi pa man ito lungsod, ang Bayan ng Muntinlupa ay nagsisikip na rin sa mga taong hindi nabibiyayaan ng mga "Community Mortgage Programs" na itinataguyod ng pamahalaan ng Muntinlupa bilang pangunahing institusyon nito;

SAPAGKAT, sa kabila ng mga natapos na at umiiral pang mga "Community Mortgage Projects" at tulad ng isinasaad sa itaas nito, makikita rin ang kakapusan sa ating Lungsod ng mga disenteng tahanan sa kabila ng marubdob na hangarin at pagsisikap ng ating mga mamamayan na magkaroon nito;

SAPAGKAT, ang Lungsod ng Muntinlupa ay naging mapalad maging hangganan ng Kalakhang Maynila sa hilaga at mga karatig lalawigan sa katimugan na marami rin ang mamamayan na naglalayong hindi lang makarating kundi makapanirahan sa ating Lungsod;

SAPAGKAT, ang mga mamamayan ay kabalikat din ng ating pamahalaan sa pagpapaunlad ng ating lungsod, marapat lamang na sila, sa pangunguna natin, ang dapat na maunang mabigyan ng mga tirahan sa pamamaraang hindi makapagpapagipit sa kanila;

SAPAGKAT, lalo ngayon na ang Muntinlupa ay isang lungsod na, nasa pananaw at napapaloob din naman sa mga palatuntunan ng pamamahala ng Kgg. Punonglungsod at ng Sangguniang Panglungsod na pagandahin at payabungin ang ating lungsod para sa kapakinabangan ng ating mga mamamayan;

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG BAYAN



NGAYON, DAHIL DITO, matapos mapangalawahan at pagbulay-bulayan ang mga paksang nasasaad sa itaas, pinagtibay at sa pamamagitan nito ay pinagtibay, ng Sangguniang Panglungsod, ang mga Kapasiyahan tulad ng mga sumusunod:

Bigyan, at sa pamamagitan nito ay binibigyan, ang Kgg. Punonglungsod Ignacio R. Bunye ng karapatan na:

1. Magharap ng sulat-kahilingan at hilingin kay Pangulong Fidel V. Ramos at sa ibang sangay ng Pamahalaang Nasyonal na maangkin na ng pamahalaang lungsod ng Muntinlupa ang isang lagay na lupa (Lote Blg. 382) na sakop din ng lungsod na ito at may sukat na 1,299,471 metrong parisukat ayon sa pamamaraang itinatadhana ng Local Government Code of 1991 at iba pang umiiral na batas upang gawin ito ng Pamahalaang Lungsod na isang pamayanan para sa ating mga kababayan na wala pa rin na tirahan;

2. Humirang at makipagkasundo sa isang kumpanya sa proyektong pagpapaunlad at pamamahala ng magbibigay sa Pamahalaang Lungsod ng mga kaukulang serbisyong propersyonal at sanggunian sa pagpapatupad at pagtataguyod ng "Socialized Housing Programs" ng pamahalaan at maglaan ng kaukulang halaga hindi lamang para sa serbisyo ng ka-kontratang kompanya sa kondisyon na ang lahat at ano mang halaga na ipinaluwal ng Pamahalaang Lungsod ay ibabalik din mula sa halagang uutangin ng mga bibili ng nasabing pabahay.

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG PANGLUNGSOD NG MUNTINLUPA, sa kanilang ika-129th regular na pulong na ginanap ngayong ika-20 ng Hunyo, 1995 sa Silid-Pulungan ng Poeple's Center, City Hall, Lungsod ng Muntinlupa.

PINATUTUNAYAN:

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal/Pansamantalang Tagapangulo/Pinuno ng Mayorya

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ALDRIN A. SAN PEDRO
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Samahan ng mga Punong
Barangay

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS JR.
Kinatawan ng Sektor
Pederasyon ng Sangguniang
Kabataan

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Kalihim Panglungsod

PINAGTIBAY :

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punonglungsod